


Winner of CANVAS' Romeo Forbes Children's Storywriting Competition
INANG KALIKASAN's Bad Hair Day
written by
Recle Etino Vibal
illustrated by
John Paul Antido

Yari sa matabang lupa at sa malinaw at bughaw na dagat ang palda ni Inang Kalikasan. Ang kanyang blusa naman, gawa sa isang hardin ng puting mga bulaklak na kaygaganda at kaybabango. Mula ulo hanggang paa, balot siya ng makinis na kayumanggi mula sa matitibay na puno ng kagubatan. Singganda ng kalikasan, ng mismong buhay, ang kanyang mukha, at bilog tulad ng daigdig ang buhok niyang sing-itim ng gabi.









Ang problema ni Inang Kalikasan: Puno ng sanga't dahon ang kanyang ulo. Dito dumadapo at gumagawa ng pugad ang mga ibon.

Gustung-gusto man niya ang pagdalaw at pagkanta ng mga ibon, ginugulo ng mga ito ang kanyang buhok. Napupuno ng dayami, siit, at ipot ng ibon ang ulo niyang kayganda dati.



Sinubok niyang bugawin ang mga ibon, ngunit bumabalik lang ang mga ito upang muling gumawa ng pugad sa tuwing matutulog si Inang Kalikasan.









“Ano ang gagawin ko sa buhok kong ito?” tanong ni Inang Kalikasan kay Araw. “Natutuwa ako sa mga ibon, pero huwag sana sa aking ulo.”

“Nasubukan mo na bang magsumbrero?” tanong ni Araw.

“Araw naman, mamamatay ang mga dahon ko kung hindi mo sila masisinagan, at hindi madidiligan ng ulan ang aking ulo kung magsusumbrero ako.”




“Bakit hindi mo turuang maging malinis ang mga ibon habang nakatira sila sa iyong ulo?”

“Likas na malaya ang mga ibon, Araw. Hindi naman yata tamang baguhin ko ito nang dahil lang nais ko.”

“Wala na akong maipapayo pa kung gayon. Patawarin mo nawa ako, aking reynang walang korona.”






"Iyon nga!" sabi ni Inang Kalikasan. "Napakahusay mo talaga, o Araw na kayliwanag!"

"Ako?" tugon ni Araw habang nagkakamot ng ulo.

"Korona! Isang korona!" Nagtatalon sa galak si Inang Kalikasan.

"Iyon ang kailangan ko—korona!"





Inatasan ni Inang Kalikasan si Hangin, "Lumipad ka at maglibot. Sabihin mong kailangan ni Inang Kalikasan ng isang korona. Sinuman ang makapaghandog ng pinakamagandang korona ay makakatanggap ng gantimpala."






Lumipad si Hangin upang ibulong ang mensahe ng kanyang reyna sa lahat ng nilalang sa bawat lupalop.


Kinabukasan, pagsilip ni Inang Kalikasan sa kanyang bintana, nakita niya ang mahabang pila ng kanyang mga nasasakupan.

Bawat isa sa kanila, may dalang korona para sa kanilang reyna






JUAN
1




Dala ng mga sirena't siyokoy ang isang koronang yari sa koral, tubig-dagat, at mga isda. Ngunit matigas ito't masakit kung isusuot. Ang masama pa, nababasa ng tubig si Inang Kalikasan, at inaaway ng mga isda ang mga ibon.

Nagpasalamat si Inang Kalikasan sa mga mamamayang-dagat, at tinawag ang susunod sa pila.


Dala naman ng mga diwata mula sa kanilang hardin ang isang korona ng mga bulaklak. Naghabi ang mga kadena ng iba't ibang kulay at kumpol ng mga talulot sa koronang gawa ng mga diwata.

Inamoy ni Inang Kalikasan ang halimuyak ng korona. Nang isukat niya ito, niyakap ng mga bulaklak ang kanyang buhok at ang mga sanga dito. Kaya nga lang, mabilis na nasira ang korona dahil kinuha ng mga ibon ang mga talulot at talahib para ipanggawa ng kanilang mga pugad.





Mula naman sa mga nilalang ng gubat ang susunod na korona. Gawa ito sa balat ng puno at mga sanga. Tumingin sa salamin si Inang Kalikasan, at nakita niyang kahawig lamang ng korona ang mga sanga sa kanyang ulo.



Dala ng mga anghel ang koronang yari sa mga ulap, ngunit parati lang itong nakalutang at hindi lumalapag sa kanyang ulo.








Naghandog naman ang mga higante ng koronang gawa sa daumbuhalang mga bato. Agad itong tinanggihan ng reyna, ni hindi na niya ito isinukat. Masyado itong malaki at mabigat!





Mula naman sa ginto at iba pang mamahaling metal ang koronang pinanday ng mga duwende. Ngunit masyado itong maliit—sapat lamang upang gawing pulseras ng reyna.






Inihandog ng Araw ang isang koronang yari sa liwanag at apoy. Sa sobrang liwanag nito, nasilaw si Inang Kalikasan.

Dala naman ng buwan at mga bituin ang koronang pinilas mula sa kalangitan ng gabi, ngunit hindi naman ito mapansin dahil sing-itim nito ang buhok ng reyna.

Huling pumasok sa bulwagan ni Inang Kalikasan ang isang grupo ng mga bata.





“Pagbati sa iyo, Inang Kalikasan!” wika ni Maya, ang pinuno ng mga bata.

Inilabas ni Maya mula sa kanyang buslo ang isang bahay-ibon.

“Pininturahan ko ito ng luntian,” sabi ni Maya. “Alam ko kasing paborito mo ang kulay na iyon.”







Pinulot ni Inang Kalikasan si Maya, at hinayaan ang batang ipatong ang bahay-ibon sa kanyang ulo. Bago pa man mailapag ng reyna si Maya, may isang ibon nang pumasok sa bahay.







Sumunod ang iba pang mga bata. Bawat isa sa kanila, may dalang sariling bahay-ibon, bawat isa'y iba't iba ang kulay at hugis. Bawat isa sa kanila, marahang ipinatong ang kanyang bahay-ibon sa ulo ni Inang Kalikasan, at bawat isa rito ay agad na binahayan ng isa pang ibon.






Nang maipatong ng huling bata ang kanyang bahay-ibon sa ulo ni Inang Kalikasan, tumingin ang reyna sa salamin. Pinatingkad ng kanyang korona ang mga sanga't dahon, pinaganda ang kanyang ulo, at pinanatiling malinis ang kanyang buhok; binigyan nito ng maayos na tahanan ang mga ibon.







Ngumiti si Inang Kalikasan. “Pinipili ko ang handog ng kabataan bilang aking korona,” pahayag ng reyna sa buong mundo. “Ngayon, mga bata, ano ang inyong nais?



Isang malawak na parang na maaari ninyong takbuhan? Isang gubat na hitik sa mga punong aakyatin at mga hayop na kakalaruin? Isang lawa, kung saan kayo maaaring lumangoy kasama ang mga isda mula umaga hanggang takipsilim?”

Humakbang paharap si Maya at sinabing, “Lahat ng iyon ay naibigay mo na sa amin, Inang Kalikasan!”

Ngumiti si Inang Kalikasan.

Humuni ang mga ibon.

Sumayaw ang reyna at ang mga bata. Ngumiti ang lahat, nagsipagtawanan, at sumali sa sayawan.

Nagpatuloy ang kasiyahan, hanggang dumating na sa wakas ang buwan at mga bituin, at panahon na para mahimbing.



## About this Book

CANVAS' flagship activity, the **Romeo Forbes Children's Story Writing Competition**, as far as we know, is the only one of its kind anywhere on the planet.

We commission an artist to come up with an artwork, and Filipino writers are encouraged and invited to join a storywriting contest based on its image. The same artist, then, will bring the story to life through a series of new works.

This book is the latest product of this unique process.

In 2015, we asked John Paul Antido for a contest piece *(shown below)*. His oil on canvas piece inspired over one hundred forty stories from all over the world from which Recle Etino Vibal's "Inang Kalikasan's Bad Hair Day" emerged victorious.



In the coming months and years, we will donate tens of thousands of copies of this book directly to children in poor and disadvantaged communities throughout the Philippines. Our hope is that by doing this, we are helping to create a generation not only of readers, but of lovers of books.

Your purchase of this book supports our mission, and we are truly grateful. Thank you!

## About the AUTHOR

**RECLE E. VIBAL**, a son of a Bicolano and an Ilongga, is proudly Filipino. He earned his degree in BS Chemical Engineering at the University of the Philippines, Los Baños, but found his passion in writing and learning. He reads books of every genre, but devours more fantasy, history, and mythology than what is good for the body. He has a couple of works floating around on the Internet and in anthologies. He keeps a blog at ibongtikling.wordpress.com. Recle is an advocate of proper hygiene and taking care of Mother Earth.

## About the ARTIST

**JOHN PAUL ANTIDO**, or Japs for short, hails from Antipolo and is a graduate of the University of the Philippines Fine Arts Program, major in painting. Impressionistic and Van Gogh-esque, Japs' works are lively in color and movement. By mixing traditional and modern symbols – fiestas and "natives" wearing Rolling Stones t-shirts – he is able to succinctly capture the vibrancy of Filipino culture, its hybridity and ever-changing nature.

Japs has received praise and awards for his work – grand prize in the 2005 Art Petron 5th National Student Art Competition, shortlisted in the 2011 Philip Morris Philippine Art Awards, the 2008 Metrobank Art and Design Excellence National Competition, the 2nd GSIS Annual Painting Competition in 2005, just to name a few. He has also exhibited in Lao, Singapore, Malaysia, and Denmark.





CANVAS' **1 Million Books for One Million Filipino Children Campaign** aims to inspire in children a love for reading by donating its award-winning books to public schools, hospitals, and disadvantaged communities throughout the country.

*A child that reads is a creative, empowered, and imaginative child who will learn independently, envision a brighter future, and ultimately lead a productive and meaningful life.*

You can help us!
For more information, visit www.canvas.ph,
email **info@canvas.ph**, or find us on Facebook: **Center for Art, New Ventures and Sustainable Development**.

---

***CANVAS****, a non-profit organization, works with the creative community to promote children's literacy, explore national identity, and broaden public awareness of Philippine art, culture, and the environment.*